


## ANG KAHALAGAHAN NG PANANALANGIN KASAMA ANG IBA



**Review:** Ano ang makikita natin sa mga prayer meetings sa Bible?

1. Ang \_\_\_\_\_ ng Diyos.
2. Ang \_\_\_\_\_ ng Diyos.
3. \_\_\_\_\_ sa ating paglakad kasama ang Diyos at ang isa't isa.

### Ang Kahalagahan ng Panalangin

1. Kung paanong itinalaga ng Diyos ang pangangaral ng ebanghelyo na maging instrumento ng kaligtasan ng mga tao (1 Cor. 1:21), itinalaga Niya na sa pamamagitan ng panalangin siya gagawa sa mundo at tutugon sa pangangailangan ng kanyang bayan. Tingnan ang Matt. 7:7, 21:22, at James 4:2. Ang mga talatang ito ay pinapagtibay ng buong patotoo ng Kasulatan na ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng panalangin. Kung hindi ka manalangin, hindi mo makikita ang pagkilos ng Diyos.
2. Hindi tinatapos ng Diyos ang kanyang mga gawa sa Bibliya nang hindi dahil sa panalangin. Sa tuwing kikilos ang Diyos para sa isang tiyak na direksiyon, may itinatayo siyang mapanalangining tao upang sa pamamagitan niya ay gawin ito ng Diyos. Halimbawa – Moses, David, Daniel, Jesus, Paul, atbp.
3. Ang kaisa-isang bagay na nakatala na humiling ang mga alagad kay Jesus na turuan sila ay patungkol sa panalangin (Luke 11:1). Hindi sila humiling na turuan silang magturo, mangaral, o magsagawa ng mga himala, kundi manalangin. Alam nila na ang pinagmumulan ng Kanyang kapangyarihan ay ang Kanyang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.
4. Si Jesus ang ating pamantayan. Ipinakita niya sa kanyang halimbawa ang kahalagahan ng panalangin.

### Ang Kahalagahan ng Panalangin Kasama ang Iba

1. Halos 90% ng mga nakatalang nag-utos si Cristo o nagbigay ng kondisyon para sagutin ng Diyos ang panalangin natin, ginawa niya ito para sa pangmaramihan (plural) (hal. Matt. 7:7, 18:19). Pagkatapos ng pagpapahayag ni Pedro na siya ang Cristo, halos lahat ng kanyang mga oras sa panalangin ay kasama ang kanyang mga alagad.
2. Naniniwala ang mga apostol na ang pangangaral ng salita at pangunguna sa iglesia sa panalangin ang kanilang dalawang pinakamahalagang ministryo (Acts 6:1-4).
3. Bago ang muling pagkabuhay ni Cristo, karamihan ng mga makapangyarihang gawa ng Diyos ay nakasunod sa prayer life ng isang indibidwal. Pagkatapos naman nito, karamihan ay sumusunod sa prayer life ng dalawa o higit pa.
4. Ang pagkilos ng Diyos ngayon sa buong mundo ay nagpapakita ng pinakamalaking pagkilos ng Diyos sa kasaysayan. Ang Christianity ay mabilis na kumakalat sa lahat ng panig ng mundo – China, India, Africa, Central at South America. Ang isa sa mga dahilan kung bakit ito nangyayari ay dahil ang bayan ng Diyos sa mga lugar na iyon ay nanalangin nang sama-sama.

### Mga Implikasyon

1. Hindi mo makikita ang malakihang pagkilos ng Diyos sa iyong buhay, sa buhay ng ating iglesia, o sa buhay ng ating bansa kung hindi ka manalangin kasama ang iba.
2. Walang magiging pagbabago sa pagbaba ng moralidad ng Pilipinas kung hindi magsisimulang manalangin ang mga iglesia o mga Kristiyano nang sama-sama.

### Review ng Iyong Prayer Noong Nakaraang Linggo

- May nakita ka bang ginawa ng Diyos tungkol dito?
- Sinagot ka ba Niya sa pamamagitan ng Bibliya, sa panalangin, sa mga pangyayari sa buhay, o sa pamamagitan ng ibang Kristiyano?

**Time of Prayer:** Sabihin ang iyong mga prayer requests.

<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).